

# Ano ang kailangan mong malaman tungkol sa gamot mo para sa latent tuberculosis (TB) na impeksyon

## ISONIAZID at RIFAPENTINE

Nabigyan ka ng gamot para gamutin ang iyong latent TB na impeksyon. Wala kang sakit na TB at hindi makakahawa ng TB sa ibang tao. Ang gamot na ito ay para **MAIWASAN** kang magkaroon ng sakit na TB.

### Huwag kalimutan puntahan ang mga lingguhan mong pagbisita:

Makikipagkita ka ng lingguhan sa health care worker para mainom ang mga gamot mo. Ang planong ito ay tinatawag na direktang inoobserbang therapy (DOT).

Matutulungan ka ng DOT sa ilang paraan.

- Tutulungan ka ng health care worker na maalalang inumin ang mga gamot mo.
- Makukumpleto mo ang iyong paggamot sa lalong madaling panahon.
- Sisiguruhin ng health care worker na hindi ka nagkakaproblema sa mga gamot.
- Sa mga lingguhang pagkikita niyo, masasagot ng taong ito ang iyong mga tanong. Maaari niyo ring pag-usapan ang anumang mga alalahaning mayroon ka.

### Habang nasa gamot na ito:

- ✓ Sabihin sa iyong doktor o nurse kung may mga tanong ka o inaalala tungkol sa gamot.
- ✓ Pumunta sa mga lingguhang pagbisita.
- ✓ Talakayin ang anumang paggamit ng alkohol sa doktor o nurse mo. Pinakamainam na hindi uminom ng alkohol habang iniinom ang gamot na ito.
- ✓ Sabihin sa doktor o nurse mo ang tungkol sa lahat ng ibang gamot na iniinom mo.
- ✓ Siguruhing sabihin sa mga iba mong doktor na ginagamot ka para sa latent na TB na impeksyon.
- ✓ Para sa ilang mga tao, mas mainam na inumin ang gamot kasama ang pagkain.

### Iskedyul ng gamot ng latent na TB na impeksyon:

(Mga Provider: Tukuyin ang angkop na araw at bilang ng mga pildoras)

Gamot	Iskedyul	Araw	Dami ng pildoras bawat araw	Haba ng oras
Isoniazid at Rifapentine	Isang Beses Bawat Linggo	L Mar Miy Hu B S Lin		3 buwan (12 linggo)

Maaaring painumin ka ng doktor mo ng bitamina B6 kasama ng gamot mo.

### Mga tala

Pangalan ng aking doktor:

Pangalan ng aking klinika:

Numero ng telepono ng klinika ko:



### Abangan ang mga posibleng problemang ito:

**IHINTO** ang pag-inom ng gamot **AT** tawagan agad ang iyong doktor sa TB o nurse kung mayroon kang alinman sa mga problema sa ibaba:

- Mas kaunting ganang kumain, o walang gana para sa pagkain
- Sirang tiyan o pinupulikat na tiyan
- Lagnat
- Pananakit ng ulo o katawan
- Pagduruwal o pagsusuka
- Kulay cola na ihi o light na kulay na mga dumi
- Madaling magpasa o magdugo
- Pamamantal o pangangakit
- Naninilaw na balat o mga mata
- Malalang kahinaan o kapaguran
- Pamimitig o kawalan ng pakiramdam sa mga kamay o paa mo
- Pagkahilo

**TALA:** Normal kung ang iyong ihi, laway o luha ay naging kulay orange. Ang mga soft contact lense ay maaaring mamantsahan.

Scan this QR code for the most current Tagalog version

